



Babaeng Frontliner at General Community Quarantine sa Metro Manila: Batayan para sa Epektibong Tugon sa Pandemya na Nakatuon sa Gender

Arianne Nicole N. Fernando, RPsy, RPm, MP 

Polytechnic University of the Philippines

ansnachor@pup.edu.ph

DOI: <https://doi.org/10.70922/9wjjeq74>

[Submit to this journal](#) 

[Other related articles](#) 

Announcements

[Other PUP Journals](#) 

Article History:

Date received: April 25, 2025

Date revised: July 22, 2025

Date accepted: July 25, 2025

How to Cite this paper:

Fernando, A.N.N. (2025). Babaeng Frontliner at General Community Quarantine sa Metro Manila: Batayan para sa Epektibong Tugon sa Pandemya na Nakatuon sa Gender. *Social Sciences and Development Review* (17)1, pp. 125-146. <https://doi.org/10.70922/9wjjeq74>

Other citation formats:

Please contact the publisher for any further use of this work at

socialsciencesreview@pup.edu.ph.

Babaeng Frontliner at General Community Quarantine sa Metro Manila: Batayan para sa Epektibong Tugon sa Pandemya na Nakatuon sa Gender

Arianne Nicole N. Fernando, RPsy, RPm, MP
Polytechnic University of the Philippines
ansnachor@pup.edu.ph

ABSTRACT

This qualitative study examined the experiences of eight female frontliners in Metro Manila during the General Community Quarantine. Using purposive sampling and semi-structured interviews, the data were analyzed through a phenomenological approach. Three central themes emerged: (1) safety and security, (2) occupational stress, and (3) future strategies and solutions. Participants reported emotional distress, particularly the fear of transmitting the virus to their families. The findings highlight the need for gender-sensitive pandemic responses that ensure safe working conditions, accessible transportation, adequate personal protective equipment (PPE), mental health support, and fair compensation. Furthermore, the collection of sex- and age-disaggregated data is essential to reinforce the study's findings and to guide the development of more equitable and effective interventions. The resilience demonstrated by female frontliners underscores their vital role in public health and the necessity of gender- and data-informed policies during times of crisis.

Keywords: *female frontliners, gender, pandemic, Philippines, qualitative*

ABSTRAK

Sinuri sa kwalitatibong pananaliksik na ito ang karanasan ng walong babaeng frontliner sa Metro Manila sa panahon ng General Community Quarantine. Gamit ang purposive sampling at semi-structured interview, ang mga datos ay sinuri sa pamamagitan ng phenomenological na lapit. Lumitaw ang tatlong pangunahing tema: (1) kaligtasan at seguridad, (2) stress sa paggawa ng trabaho; at (3) mga istrategiya at solusyon sa hinaharap. Nakaranas ang mga kalahok ng emosyonal na hiral, lalo na ang takot na makahawa sa pamilya. Ipinapakita ng mga natuklasan ang pangangailangan ng mga gender-sensitive na tugon sa pandemya na magtitiyak ng ligtas na kondisyon sa trabaho, maayos na transportasyon, sapat na PPE, mental health support, at makatarungang kompensasyon. Bukod dito,

ang pagkolekta ng sex- at age-disaggregated na datos ay mahalaga upang mapagtibay ang mga natuklasan ng pag-aaral at magsilbing gabay sa pagbuo ng mas makatarungan at epektibong interbensyon. Ipinapakita ng resiliency ng mga babaeng frontliner ang kanilang mahalagang papel sa pampublikong kalusugan at ang pangangailangan ng mga patakarang nakabatay sa kasarian at datos sa panahon ng krisis.

Susing-salita: *babaeng frontliner, kasarian, gender, pandemya, Pilipinas*

INTRODUKSIYON

Ang COVID-19 ay isang sakit na dulot ng SARS-CoV-2 na unang naitala sa Wuhan, China noong Disyembre 2019. Ito ay idineklara ng World Health Organization bilang isang pandaigdigang pandemya noong Marso 2020 (World Health Organization, 2020). Sa Pilipinas, iniulat ng Department of Health (2022) na milyon-milyong Pilipino ang naapektuhan, hindi lamang sa aspeto ng kalusugan kundi pati sa kabuhayan at ugnayang panlipunan.

Sa gitna ng krisis na ito, nanguna ang mga frontliner sa pagpapanatili ng mga serbisyong panlipunan at pangkalusugan. Kabilang sa kanila ang mga babaeng frontliner—mga nars, healthcare worker, social worker, tagalinis, tagaluto, guro, at iba pa—na siyang humarap sa mas mataas na panganib ng exposure, ngunit madalas na kulang sa proteksiyon, representasyon sa paggawa ng desisyon, at sapat na suporta sa trabaho (Galler Rabinowitz & Galler Rabinowitz, 2021). Ayon kay Connor et al. (2020), mas mabigat ang epekto ng pandemya sa kababaihan dahil sa kasaysayang pagkakahati ng mga gampanin sa lipunan—bilang tagapag-alaga sa tahanan at manggagawa sa frontline.

Bilang bahagi ng pagtugon sa pandemya, ipinatupad ng pamahalaan ang magkakaibang antas ng community quarantine. Unang isinabatas ang Enhanced Community Quarantine (ECQ), ang pinaka-estriktong klasipikasyon, kung saan ipinagbawal ang lahat ng hindi essential movement, isinara ang pampublikong transportasyon, at itinigil ang operasyon ng maraming negosyo.

Kasunod nito, ipinatupad ang Modified ECQ (MECQ) na bahagyang lumuwag, pinayagan ang ilang industriya, ngunit nanatiling limitado ang galaw ng mga tao. Ang General Community Quarantine (GCQ) naman ay isang transisyunal na yugto, kung saan muling binuksan ang mas maraming negosyo, pinayagan ang pampublikong transportasyon, ngunit may limitasyon sa kapasidad, at mahigpit na ipinatupad ang minimum public health standards tulad ng physical distancing, face mask, at hand hygiene (Inter-Agency Task Force, 2020).

Ang Modified GCQ (MGCQ) ay itinuturing na pinakamaluwag na uri ng quarantine status, kung saan pinayagan na ang mga pampublikong pagtitipon at mas pinalawak ang pagbubukas ng mga negosyo. Sa huli, ipinatupad ng pamahalaan ang Alert Level System, isang risk-based approach na may limang antas (Alert Level 1–5), kung saan binabatayan ang bilang ng kaso, healthcare utilization rate, at vaccination coverage ng isang lugar. Sa ilalim ng sistemang ito, ang mga restriksyon ay mas nakatutok sa *individual risk* kaysa blanket lockdowns, at maaaring mag-iba ayon sa establisyemento, aktibidad, at status ng pagbabakuna (National Economic and Development Authority [NEDA], 2022).

Partikular na tinutukan ng pananaliksik na ito ang panahon ng GCQ—isang yugto na tila bumabalik sa normal, ngunit nananatili ang panganib ng COVID-19. Sa panahong ito, kinaharap ng mga babaeng frontliner ang mga hamon tulad ng limitadong access sa personal protective equipment (PPE), hindi maaasahang transportasyon, emosyonal na stress, at takot na mahawa ang kanilang pamilya (Galler Rabinowitz & Galler Rabinowitz, 2021). Bagaman mas mataas ang case fatality rate sa kalalakihan, napatunayan sa mga pag-aaral na mas malaki ang psychosocial burden sa kababaihan dahil sa kanilang sabayang gampanin bilang manggagawa at pangunahing tagapag-alaga sa tahanan (Connor et al., 2020).

Sa kabila ng umiiral na mga pag-aaral sa ilalim ng ECQ, kapansin-pansin ang kakulangan pa ng maraming lokal na pananaliksik na tumutok sa karanasan ng mga babaeng frontliner sa panahon ng GCQ, partikular sa Metro Manila.

Ginamit sa pananaliksik ang Feminist Standpoint Theory ni Harding (2004), na nagpapalagay na ang kaalaman ay nakaugat sa posisyon o karanasan ng mga naisantabi sa lipunan. Sa panahon ng pandemya, mahalagang bigyang-pansin ang pananaw ng mga babaeng frontliner upang makabuo ng mas makatarungan at epektibong mga polisiya. Kasabay nito, isinasaalang-alang ng pananaliksik ang Resilience Theory (Masten, 2001) bilang balangkas na nagpapaliwanag kung paanong ang mga indibidwal ay nakakabawi at nakaaangkop sa kabila ng matinding krisis. Ayon kay Masten (2001), ang resilience ay hindi isang pambihirang katangian kundi isang proseso ng “*ordinary magic*,” ang kakayahang nabubuo sa tulong ng personal na lakas, ugnayang panlipunan, at suportang institusyonal. Ang resilience ng mga babaeng frontliner ay nasuri hindi lamang sa antas ng indibidwal, kundi bilang bunga ng kolektibong karanasan sa gitna ng krisis.

Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na ito na:

1. Magbigay-liwanag sa mga karanasan at mga problema na kinaharap ng mga babaeng frontliner sa ilalim ng GCQ
2. Malaman ang mga solusyon sa mga naranasang problema ng mga babaeng frontliners, at gamitin ito sa pagsulong ng isang gender-effective response sa panahon ng pandemya

Sa pagbibigay-tinig sa kanilang karanasan, maaring makabuo ng mas inklusibo at responsableng mga tugon ng pamahalaan sa hinaharap.

METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo na nakabatay sa phenomenolohikal na lapit. Layunin nitong alamin at ilarawan ang esensyal na karanasan ng mga babaeng frontliner sa panahon ng General Community Quarantine (GCQ) sa Metro Manila. Ayon kina Taylor, et al. (2015), ang *phenomenology* ay akmang gamitin sa mga pananaliksik na nakatuon sa pag-unawa sa mga personal at kolektibong karanasan ng mga kalahok, upang mailahad ang kahulugan ng mga ito mula sa kanilang pananaw.

Upang maisagawa ang sistematikong pagsusuri sa mga salaysay, ginamit ang pitong-hakbang na *Colaizzi's Descriptive Phenomenological Method* (Morrow, et al., 2015). Binubuo ito ng mga sumusunod na hakbang: (1) paulit-ulit na pagbabasa sa bawat transkripsyon ng panayam upang lubos na maunawaan ang nilalaman, (2) pagtukoy sa mga makabuluhang pahayag, (3) pagbuo ng pansamantalang kahulugan sa bawat pahayag, (4) pag-uuri at pag-oorganisa ng mga kahulugan sa temang may pagkakatulad, (5) pagbuo ng komprehensibong deskripsyon ng karanasan, (6) pagsasaayos ng esensyal na kahulugan ng mga karanasan, at (7) pagpapatunay ng datos mula sa kalahok sa pamamagitan ng member checking upang matiyak ang integridad ng interpretasyon.

Pagpili ng Kalahok at Demograpikong Propayl

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay pinili gamit ang purposive sampling. Walong (8) babaeng frontliner ang lumahok sa pag-aaral batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) babae at nasa hustong gulang (18 taong gulang pataas), (2) aktibong nakapagsilbi sa alinmang lungsod ng Metro Manila sa panahon ng GCQ, (3) may hindi bababa sa dalawang taong karanasan sa pagtatrabaho, at (4) handang lumahok at magbahagi ng kanilang karanasan.

Sila ay nagmula sa iba't ibang lungsod ng Metro Manila tulad ng Caloocan, Quezon City, Manila, Pasig, Taguig, at Mandaluyong, at kumakatawan sa iba't ibang sektor ng serbisyo publiko at pribado. Kabilang sa mga trabahong kinatawan ng mga kalahok ay ang pagiging nars, medical technician, guro, mamamahayag, food service crew, social worker, janitress, at pulis.

Ang kanilang edad ay nasa pagitan ng 26 hanggang 45 taong gulang, at may haba ng serbisyo mula apat (4) hanggang labinlimang (15) taon. Ang ganitong uri ng komposisyon ng kalahok ay nagbibigay-daan upang makuha ang mas malawak na pananaw at karanasan mula sa iba't ibang propesyon at lungsod sa rehiyon.

Table 1

Demograpikong Propayal ng mga Kalahok

Pseudonym	Trabaho	Edad	Lungsod	Taon ng Serbisyo	Institusyon
Judy	Pulis	31	Caloocan	8 taon	Pampubliko
Marie	Medical Technician	26	Quezon City	5 taon	Pribado
Ika	Food Service Crew	27	Manila	4 taon	Pribado
Flor	Guro (Elementary)	37	Pasig	15 taon	Pampubliko
Claire	Nars	28	Taguig	6 taon	Pampubliko
Juliet	Janitress	45	Mandaluyong	12 taon	Pribado (Contractual)
Erica	Mamamahayag	32	Quezon City	10 taon	Pribado
Melissa	Social Worker	35	Manila	11 taon	Pampubliko

Instrumento at Proseso ng Panayam

Gumamit ng semi-structured interview guide na binuo batay sa mga pangunahing layunin ng pananaliksik. Kabilang dito ang mga tanong ukol sa kaligtasan, mga hamon sa trabaho, emosyonal na pagharap, at mekanismo ng pag-aangkop sa panahon ng pandemya. Ang panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng video call gamit ang mga platform na Zoom, alinsunod sa umiiral na mga patakaran ng GCQ sa social distancing. Bawat panayam ay itinagal ng 30 hanggang 60 minuto, depende sa kaginhawaan at pagtanggap ng kalahok. Ang iskedyul ng panayam ay pinagkasunduan ng mananaliksik at ng kalahok sa pamamagitan ng mensahe o tawag upang matiyak ang bukas na komunikasyon at kahandaang emosyonal ng mga kalahok. Ang bawat panayam ay naitala sa pahintulot ng kalahok para sa layunin ng transkripsyon at pagsusuri.

Etikal na Pagsasaalang-alang at Proteksyon ng Datos

Bago simulan ang panayam, ang mga kalahok ay binigyan ng informed consent form na nagpapaliwanag sa layunin ng pananaliksik, boluntaryong paglahok, karapatang umatras anumang oras, at garantiya ng pagiging kompidensiyal ng kanilang mga impormasyon. Upang mapanatili ang anonymity, lahat ng personal na impormasyon ay tinanggal sa transkripsyon at pinalitan ng mga *pseudonym*. Ang mga *audio recording* at transkripsyon ay ligtas na iniimbak sa *password-protected Google Drive*, at may access lamang ang pangunahing mananaliksik. Ang lahat ng datos ay itatago sa loob ng isang (1) taon matapos ang publikasyon ng pag-aaral at pagkatapos nito ay permanenteng buburahin. Ang prosesong ito ay isinagawa upang mapanatili ang integridad at seguridad ng datos, kasabay ng pagsunod sa etikal na pamantayan.

Pagsusuri ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng Collaizi's phenomenological method, kung saan ang mga transkripsyon ng panayam ay paulit-ulit na binasa upang ganap na maunawaan ang konteksto ng mga salaysay. Ang bawat transkripsyon ay sinuri upang matukoy ang mga makabuluhang pahayag, na siyang binigyan ng pansamantalang kahulugan. Mula rito ay binuo ang mga temang may pagkakatulad, inorganisa sa lohikal na paraan, at ginamit upang makabuo ng komprehensibong deskripsyon ng karanasan ng mga kalahok. Ang pinakapayak ngunit pinakapuno't dulo ng karanasan o "essence" ay hinango mula sa mga temang ito. Sa huli, ang interpretasyon ng datos ay ipinasuri sa mga kalahok upang tiyakin na tama at tapat ang representasyon ng kanilang mga salaysay.

Saklaw at Limitasyon

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pag-unawa sa karanasan ng mga babaeng frontliner sa panahon ng General Community Quarantine (GCQ) sa Metro Manila. Bagaman sinikap ng mananaliksik na isama ang mga kalahok mula sa iba't ibang lungsod at propesyon upang makuha ang sari-saring perspektiba, may ilang limitasyon ang saklaw ng pag-aaral na dapat isaalang-alang sa pagbasa at interpretasyon ng resulta.

Una, ang mga kalahok ay walong (8) babae lamang mula sa mga piling lungsod sa Metro Manila. Dahil dito, hindi nito saklaw ang kabuuang karanasan ng mga babaeng frontliner mula sa mga probinsya o rural na lugar, kung saan maaaring iba ang konteksto ng serbisyo, kaligtasan, at akses sa mga batayang serbisyo gaya ng transportasyon at kalusugan.

Ikalawa, bagaman nagsama ng mga kalahok mula sa iba't ibang sektor gaya ng kalusugan (nars, medical technician), edukasyon (guro), media (mamamahayag), food

service, sanitation (janitress), social work, at kapulisan, hindi pa rin nito lubos na kinakatawan ang lahat ng uri ng babaeng frontliner. Halimbawa, walang kinatawan sa pag-aaral mula sa mga barangay health workers, call center agents, delivery riders, emergency responders, at iba pang mahalagang manggagawang babae na may natatanging karanasan sa panahon ng pandemya.

Dahil dito, ang resulta ng pag-aaral ay hindi maaaring i-generalize sa lahat ng babaeng frontliner. Sa halip, layunin nitong ilahad ang esensyal na karanasan ng mga piling kalahok upang magbigay ng malalim na pag-unawa sa kanilang nararanasan. Ipinapayo ang pagsasagawa ng mas malawak at komprehensibong pag-aaral sa hinaharap na may mas malaki at representatibong bilang ng kalahok mula sa iba’t ibang rehiyon at sektor. Ito ay iminumungkahi upang makuha ang mas inklusibong larawan ng karanasan ng mga Filipinang frontliner sa panahon ng pandemya.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pananaliksik ay nagresulta sa tatlong pangunahing tema. Ang mga ito ay lumitaw mula sa karanasan na ibinahagi ng mga babaeng frontliners. Upang sagutin ang unang layunin ng pag-aaral na ito, dalawang tema ang lumabas. Ang dalawang ito ay ang kaligtasan at seguridad, at stress sa paggawa ng trabaho. Upang sagutin ang pangalawang layunin ng pag-aaral, lumitaw ang pangatlong tema na mga stratehiya at solusyon sa hinaharap.

Table 2

Mga Tema at Pangunahing Ideya Ukol sa mga Karanasan ng mga Babaeng Frontliner sa Panahon ng GCQ

Mga Pangunahing Tema	Pangunahing Ideya
Kaligtasan at Seguridad	Diskriminasyon at Verbal na Pang-aabuso
	Limitadong Access sa Transportasyon
Stress sa Paggawa ng Trabaho	Mga Multi Role at Pagbabago ng Mode sa Trabaho
	Limitadong Suplay ng Personal na Kagamitan sa Proteksyon
	Kawalan ng Pagsasanay sa Kaligtasan
Mga Istratehiya at Solusyon sa Hinaharap	Koneksyon sa Pamilya o Kaibigan
	Katatagan at Personal na Relaksasyon
	Pagtugon sa Gender-Specific na Pangangailangan

1. KALIGTASAN AT SEGURIDAD

A. Diskriminasyon at Verbal na Pang-aabuso

Lumabas sa mga balita ang pagdami ng mga ulat mula sa health workers na nakaranas ng diskriminasyon, eviction, pangungutya, at harassment sa panahon ng pandemya. Bagamat kinikilala ng publiko ang kabayanihan ng mga frontliners, marami sa kanila ang natakot para sa kanilang kaligtasan, sapagkat ang panganib ng stigmatization ay naging halos kasingbigat ng banta ng sakit (Negarandeh, et al., 2024).

We are doing our very best, pero may mga tao pa rin na hindi nakakakuha. Imbes na ma-appreciate, nakaramdam ako ng diskriminasyon. Napilitan akong umalis sa apartment ko dahil nagtatrabaho ako sa ospital. – Marie, Medical Technician

Ang mga babaeng frontliners, partikular sa sektor ng kalusugan, ay naharap sa pagtaas ng berbal na pang-aabuso, pisikal na karahasan, at gender-based discrimination—mga insidensiyang nagdulot ng matinding epekto sa kanilang mental na kalusugan at propesyonal na trabaho.

Sa isang cross-sectional study nina Labrague at De Los Santos (2021), natuklasan na ang mga frontline nurses ay nakaranas ng katamtamang antas ng *COVID-19-associated discrimination*. Gayunpaman, ang *resilience* ay napatunayan na may *mediating effect*, na nagbawas sa negatibong epekto ng diskriminasyon (Labrague & De Los Santos, 2021).

Bukod rito, isang sistematikong pagsusuri at meta-analisis ang nagpakita na 43% ng healthcare workers sa buong mundo ang nakaranas ng stigmatization, at 42% ang na-expose sa karahasan sa panahon ng pandemya. Lumilitaw na may mas mataas na banta mula sa komunidad at workplace violence sa sektor ng kalusugan (Saragih et al., 2022).

B. Limitadong Access sa Transportasyon

Dahil karamihan sa mga babaeng frontliners ay may limitadong access sa pampasaherong transportasyon, ang karamihan sa kanila ay walang ibang pagpipilian kundi maglakad, magbisikleta o maghintay ng mahabang pila para lamang makapasok sa trabaho (Sunio et al., 2023).

Sa panahon ng pandemya, ako ay nagigising nang mas maaga kaysa sa dati para hindi ako ma-late sa trabaho. Pagkatapos ng shift ko, ang haba ng pila bago ako makasakay, kaya late na rin akong nakakauwi. – Ika, Food Service Crew

Sa katunayan, ang isa sa pinakamatinding hamon na kinaharap ng mga babaeng frontliner sa panahon ng community quarantine ay ang kawalan ng maayos na transportasyong makapagdala sa kanila sa lugar ng trabaho. Ayon sa ulat ng ABS-CBN News noong Marso 17, 2020, maraming health workers ang napilitang maglakad nang kilometro-kilometro papuntang ospital matapos suspindihin ng gobyerno ang pampublikong transportasyon bilang bahagi ng Luzon-wide enhanced community quarantine (Merez, 2024). Sa panayam, sinabi ng isang nurse mula sa Lung Center of the Philippines na siya ay naglakad mula sa Quezon Avenue hanggang sa ospital dahil siya ay walang masakyan. Ibinahagi rin ng isang babaeng *medical technologist* mula sa San Lazaro Hospital na dalawa hanggang tatlong oras ang kanyang biyahe sa pamamagitan ng paglalakad, dahil walang tren, jeep, o bus na pinayagang bumiyahe sa ilalim ng *quarantine protocols*. Ang ganitong sitwasyon ay hindi lamang nagdulot ng matinding pisikal na pagod, kundi pati rin ng emosyonal na stress sa mga frontliner. Para naman sa mga babaeng manggagawa sa kalusugan na kadalasang may tungkulin din sa tahanan bilang ina o tagapag-alaga, lalong naging mahirap ang balanse sa pagitan ng propesyon at buhay-pamilya (Corrente et al., 2024).

Sa isa pang pag-aaral na isinagawa sa mga nars sa isang pambansang unibersidad na ospital sa Pilipinas, lumitaw na ang kakulangan sa transportasyon ay isa sa mga hamon na kanilang kinaharap (Gilo et al., 2024). Bagaman may mga inisyatiba ang ospital tulad ng pagbibigay ng shuttle services, may mga pagkakataon na hindi ito sapat upang matugunan ang pangangailangan ng lahat ng staff, lalo na sa mga oras ng kagipitan. Ang ganitong sitwasyon ay nagdulot ng karagdagang stress at pag-aalala sa mga nars, na maaaring makaapekto sa kanilang mental na kalusugan at kakayahang maglingkod ng maayos.

Ang limitadong access sa transportasyon ay hindi lamang pisikal na hamon kundi may malalim ding epekto sa emosyonal at mental na kalusugan ng mga babaeng frontliner. Ang kawalan ng katiyakan kung paano makararating sa trabaho o makauwi sa kanilang pamilya ay nagdulot ng dagdag na *anxiety at stress*.

Sa kabuuan, ang limitadong access sa transportasyon ay isang seryosong isyu na kinaharap ng mga babaeng frontliner sa panahon ng pandemya. Mahalaga ang pagkakaroon ng maayos at sapat na serbisyong transportasyon upang matiyak ang kaligtasan, kalusugan, at kahusayan ng mga healthcare workers sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Ang mga institusyon at pamahalaan ay dapat magpatupad ng mga konkretong hakbang upang tugunan ang problemang ito. Kasama rito ang pagbibigay ng libreng *shuttle services, housing accommodations* malapit sa ospital, at iba pang *logistical support* na makatutulong sa mga frontliner sa panahon ng krisis.

2. STRESS SA PAGGAWA NG TRABAHO

A. Mga Multi Role at Pagbabago ng Mode sa Trabaho

Karamihan sa mga guro ay stressed sa bagong normal. Ang ilan sa kanila ay karaniwang itinalaga upang gumawa ng isang module o materyal na pang-instruksyon, pagkatapos ay kailangan nilang personal na ipasa ito sa mga estudyante. Gayundin, napilitan silang matutong magturo online (Ramoso & Cruz, 2024).

Nagwoworry ako na ako ang magiging dahilan kung bakit magkakasakit ang pamilya ko, pero wala akong magagawa kundi ang magtrabaho dahil sa ngayon ang asawa ko ay walang trabaho. Talagang mahirap. Umaasa lang akong makakasabay ako. Mahirap din kasi bukod sa pandemic, andami rin naming adjustments ngayon sa pagtuturo. Kailangan gumawa ng module at saka mga bagong materials. – Flor, Guro sa Elementarya.

Ang pandemya ng COVID-19 ay nagdulot ng malalaking hamon sa sektor ng edukasyon. Ito ay partikular sa mga guro na nagsilbing *frontliner* sa pagpapatuloy ng pagkatuto sa kabila ng mga pagsubok. Ayon sa isang phenomenological na pag-aaral ni Noval (2021), ang mga guro sa Filipino ay nakaranas ng mga sumusunod na hamon. Una, kakulangan sa kagamitan at mapagkukunan. Maraming guro ang nahirapan sa pagbuo, pagkolekta, at pagwawasto ng mga modyul dahil sa kakulangan ng mga *learning resources* at *gadgets*. Pangalawa, ang mga guro ay namroblema sa usad-pagong na *internet connection*. Ang hindi matatag na koneksyon sa internet ay naging hadlang sa epektibong *online* na pagtuturo at komunikasyon sa mga mag-aaral. Ang pagtaas ng *workload* at ang pangambang dulot ng pandemya ay nagdulot ng stress at iba pang isyu sa kalusugan ng mga guro.

Ang mga isyung ito ay nagpapakita ng mga konkretong hamon na kinaharap ng mga guro sa panahon ng pandemia. Nagbigay liwanag ang mga ito sa mga aspeto ng kanilang trabaho na nangangailangan ng suporta at pagpapabuti.

Ayon kay Senator Win Gatchalian (Win Gatchalian, 2020), mahalaga ang pagbawas ng *workload* ng mga guro upang maiwasan ang *burnout*. Bago pa man ang pandemya, ang mga guro ay may mga tungkulin tulad ng pagba-budget, pagtugon sa mga sakuna, at pangangalaga sa kalusugan ng mga mag-aaral. Bilang sagot dito, ang pagbibigay kasiyahan at pagpapahalaga sa mga guro ay makakatulong upang mapanatili ang kanilang motibasyon at kalidad ng (Win Gatchalian, 2020).

Bilang karagdagan, ayon sa isang pag-aaral nina Kush et al. (2022), ang mga guro ay nakaranas ng mas mataas na antas ng mental health concerns kumpara sa ibang propesyon. Ang mga *remote teachers* ay nag-ulat ng mas mataas na *levels ng distress* kaysa sa mga

guro na nagtuturo ng personal. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mga polisiya at suporta na nakatuon sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga guro upang matiyak ang kanilang kapakanan at epektibong pagtuturo.

Ang mga guro ay patuloy na nagsisilbing frontliner sa edukasyon sa kabila ng mga hamon dulot ng pandemya. Ang kanilang mga karanasan ay nagsisilbing paalala sa kahalagahan ng pagbibigay-suporta sa kanilang mga pangangailangan, lalo na sa aspeto ng *workload*, kalusugan, at *mental well-being*. Ang pagtutok sa mga isyung ito ay makakatulong upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon at ang kapakanan ng mga guro sa mga darating na taon.

B. Limitadong Suplay ng Personal na Kagamitan sa Proteksyon

Ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ay umaasa sa mga personal na kagamitan sa proteksyon upang maprotektahan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pasyente. Sa kasamaang palad, ang mga kakulangan ng proteksyon ay nag-iiwan sa kanila ng mapanganib na sakit dahil sa limitadong *access* sa *Personal Protective Equipment* (Kim et al., 2021).

Limited lang talaga ang supply namin ng PPE. Kaya yung ilan talaga sa amin, nakakaawa kasi gumagamit na ng raincoat na pwede naming isanitize at uliting gamitin bilang kapalit na hazmat. – Claire, Nars

Ang kakulangan sa Personal Protective Equipment (PPE) ay isa sa mga pangunahing dahilan ng pangamba at pag-aalala sa hanay ng mga babaeng frontliner, partikular sa mga nars na direktang nakaharap sa mga pasyente ng COVID-19. Sa isang mixed-methods na pag-aaral nina Gilo et al. (2024) sa isang pambansang unibersidad na ospital sa Pilipinas, iniulat ng mga frontline nurses ang matinding antas ng takot at pangamba, na malaking bahagi ay may kaugnayan sa kakulangan at hindi palagiang suplay ng PPE.

Ang ganitong kalagayan ay nagpapalala ng emosyonal at mental na stress sa mga nars, na bukod sa pangambang mahawa ay may dagdag na tensyon sa ideyang maaaring mahawa ang kanilang pamilya. Bukod pa rito, binanggit din sa quantitative component ng pag-aaral nina Gilo et al. (2024) na ang antas ng takot ay mas mataas sa mga nars na nakararanas ng irregular o hindi sapat na PPE supply, kung ihahambing sa mga nakatatanggap ng tuloy-tuloy at kumpletong gamit.

Ayon kay Gilo et al. (2024), ang kakulangan sa PPE ay hindi lamang usapin ng logistics kundi may direktang implikasyon sa *psychological well-being* ng mga *healthcare workers*. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ang pisikal na proteksyon at mental na seguridad ay malapit na magkakaugnay, at ang pagkukulang sa una ay may malinaw na epekto sa huli.

Ayon kay Cordero (2023), ang kakulangan sa PPE sa Pilipinas ay nagdulot ng panganib sa kaligtasan ng mga healthcare workers. Binanggit niya ang mga ulat ng mga healthcare workers na gumagamit ng mga *improvised* na kagamitan tulad ng *garbage bags* bilang proteksyon, na nagpapakita ng matinding kakulangan sa PPE. Sinabi ni Cordero na ang gobyerno at mga pribadong sektor ay kailangang magtulungan upang matugunan ang mga isyung ito at tiyakin ang kaligtasan ng mga frontliner.

Sa isang pag-aaral naman ni Noval (2021), inilarawan rin ng mga guro sa Filipino ang kanilang mga karanasan bilang frontliner sa edukasyon. Bagamat hindi direktang konektado sa healthcare, ipinakita ng pag-aaral ang epekto ng kakulangan sa mga kagamitan at resources sa kanilang trabaho at kalusugan. Ayon sa mga guro, ang kakulangan ng mga resources at proteksyon ay nagdulot ng *stress* at *emotional burdens* na mahirap harapin.

Sa ibang bansa, makikita rin ang katulad na lagay ng mga frontliners. Sa isang pag-aaral sa isang pampublikong ospital sa West Shoa (Chaka et al., 2022), iniulat ng mga *healthcare workers* ang limitadong access sa PPE, tulad ng *face shields* at *KN95 masks*. Ayon sa mga kalahok, ang kakulangan sa PPE ay nagdulot ng takot at *stress*, na nakakaapekto sa kanilang trabaho at kalusugan (Chaka et al., 2022). Sa India, ang mga Accredited Social Health Activists (ASHAs), na karamihan ay kababaihan, ay nakaranas ng kakulangan sa proteksyon, sahod, at suporta mula sa pamahalaan, at maraming nagtatrabaho nang walang sapat na protective gear o life insurance (Phadke et al., 2024).

C. Kawalan ng Pagsasanay sa Kaligtasan

Kabilang ang mga *janitors* at *cleaners* sa mga nasa front line ng *COVID 19 outbreak*, na initalagay ang kanilang sarili sa panganib sa tuwing pupunta sila sa trabaho. Habang patuloy na umaakyat ang bilang ng mga kaso, ang mga *janitor* ay nahaharap sa isang bilang ng mga panganib, mula sa kakulangan ng proteksiyon na *gear* hanggang sa kaunti hanggang sa walang impormasyon tungkol sa kung ano ang kanilang kinakalaban (Ducharme, 2020).

May gloves lang kami. Iniisip ko na mag resign dahil diabetic din ako at alam kong sobrang delikado nito para sa akin, pero iniisip ko yung mangyayari sa pamilya ko kung magresign ako. Wala ka talagang choice. – Juliet, Janitress

Sa isang pag-aaral na isinagawa sa Bule Hora University sa Ethiopia nina Daba et al. (2022), lumabas na higit kalahati lamang ng mga janitor (53.9%) ang may maayos na kasanayan sa occupational safety, partikular sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Natukoy sa pag-aaral na ang kawalan ng sapat na pagsasanay hinggil sa paggamit ng *personal protective equipment* (PPE) at mga protokol sa sanitasyon ay may malaking epekto sa kaligtasan ng mga manggagawa. Ayon sa datos, mas mataas ang tsansa ng tamang pagsunod sa mga pamantayan

ng kaligtasan kung ang isang manggagawa ay nakatanggap ng sapat na pagsasanay, at mas malaki pa ang posibilidad kung may malinaw na polisiya o patakaran ang lugar ng trabaho ukol sa *occupational health and safety*. Ipinapakita ng mga datos na ang kakulangan sa pagsasanay ay hindi lamang isyu ng kaalaman kundi may direktang epekto sa kakayahan ng mga janitor na protektahan ang kanilang sarili sa panahon ng krisis pangkalusugan, lalo na kung sila ay madalas nakalantad sa mga lugar na may mataas na panganib ng impeksyon.

Ayon din sa isang pag-aaral na isinagawa ni De Claro et al. (2023), isa sa mga pangunahing hamon ng mga frontliners sa mga ospital at mga pampublikong pasilidad ay ang kakulangan ng sapat na impormasyon at pagsasanay hinggil sa kalusugan at kaligtasan. Ayon sa pag-aaral nina De Claro et al. (2023) sa pagsusuri ng (*Infection Prevention and Control*) IPC sa 132 ICU at COVID19 treatment facilities sa Pilipinas, natuklasan na bagama't tumaas ang paggamit ng PPE (86.4% sa Phase 2 mula sa 53.7% sa Phase 1), ang pagsasanay sa tamang paggamit ng PPE—lalo na sa donning at doffing—ay bumaba mula 60.2% tungo sa 44.3%. Ipinapakita rin ng datos na hindi sapat ang *formal protocols* para sa *tracheal intubation*, *intra-hospital transport*, at tamang disposal ng *infectious waste*, na nagreresulta sa patuloy na panganib para sa kaligtasan ng mga *support staff* tulad ng *janitors at cleaners* (De Claro et al., 2023). Ang pagkukulang na ito ay nagpapahiwatig na ang investment sa PPE ay hindi sinasabayan ng *robust training o protocol reinforcement*, na nag-iwan sa frontliners na kulang sa kakayahang protektahan ang kanilang sarili laban sa impeksyon sa gitna ng pandemya.

3. MGA ISTRATEHIYA AT SOLUSYON SA HINAHARAP

A. Koneksyon sa pamilya o kaibigan

Karamihan sa mga front liner ay humihingi ng emosyonal na suporta mula sa kanilang pamilya at mga kaibigan. Hindi madali ang maging frontliner, pero ang pag-alala sa mga tao na naniniwala sa kanila ay nagbibigay ng lakas sa kanila (Matalang, 2022).

“Dahil sa COVID, palagi akong malayo sa pamilya ko, nakakalungkot, minsan naiiyak ako, pero nakakaconnect pa rin ako dahil sa Messenger, Facebook, calls. Pinapaalala nila sa akin na alagaan ko ang sarili ko. Tuwing nakikipag-usap ako sa kanila, naaalala ko ang role ko bilang isang journalist - yung magbigay ng information sa mga tao at tulungan silang maging mas ligtas para makauwi sila sa mga pamilya nila.” – Erica, Mamamahayag

Ang emotional support mula sa pamilya at mga kaibigan ay isang pangunahing *coping strategy* na ginagamit ng mga babaeng *frontliner*. Ayon sa pag-aaral ni Zhang et al. (2020), nakatutulong ang pagbibigay ng moral na suporta at pagkakaroon ng *open communication*

sa pamilya upang mapawi ang pakiramdam ng pagkabalisa at isolation. Ang mga nars ay nagpapatuloy sa kanilang tungkulin dahil sa lakas at suporta ng kanilang mga mahal sa buhay, na nagsisilbing isang pangunahing resource para sa kanilang mental at emosyonal na kalusugan.

B. Katatagan at Personal na Relaksasyon

Ang mga Pilipino ay kilala bilang matatag na tao (Callueng et al., 2020). Ganito rin ang kalagayan ng mga babaeng frontliner sa bansa. Sa kabila ng mga hamon na kanilang hinaharap habang pinupunan ang mga puwang ng mga nasa unahan na nagpoprotekta sa mga komunidad laban sa pandemya, sila ay nananatiling matatag at matibay. Ang kanilang positibong pananaw ay nagbibigay ng pag-asa sa bawat Pilipino, kasama na ang kanilang mga pamilya at komunidad (Camitan & Bajin, 2021).

Alam kong matatapos din 'to. Kailangan nating ikeep yung faith natin. Lahat naman ng problema ay may katapusan. Sigurado akong kaya nating tiisin ang kahit ano kung gagawin natin ang ating makakaya upang labanan ang COVID. Maraming pamilya ang apektado, ngunit nakikita ko pa rin ang ngiti sa kanilang mga mata tuwing binibisita namin sila. – Melissa, Social Worker

Bukod rito, ayon kay (Misra et al., 2023), ang paggamit ng mga relaxation techniques tulad ng meditation, yoga, at deep breathing exercises ay tumutulong sa mga frontliner upang mapamahalaan ang kanilang stress. Ang pagkakaroon ng oras para sa sarili, kahit na saglit lang, ay nagiging isang mahalagang bahagi ng kanilang coping strategy. Ang mga aktibidad na ito ay nagpapalakas sa kanilang pisikal at mental na kalusugan, kaya't nagiging mas handa sila sa patuloy na pagharap sa mga stressor ng araw-araw.

C. Pagtugon sa Gender-Specific na Pangangailangan

Sa gitna ng mga hamong kinaharap ng mga babaeng frontliner, lumitaw ang pangangailangan para sa mga makabuluhang solusyon at estratehiya mula sa iba't ibang institusyon at pamahalaan, partikular ang pagkakaroon ng gender-responsive policies (Krishnan, 2022).

Isa sa mga pangunahing mungkahi ng mga eksperto ay ang paglalagay ng *flexible scheduling*, *psychosocial support*, at *childcare assistance* para sa mga babaeng frontliner (Kirwin & Ettinger, 2022). Bukod dito, binigyang-diin din ni Morse (2021) na kailangang isama ang gender analysis sa bawat bahagi ng pandemic response upang matiyak na ang mga polisiya ay makatarungan at tumutugon sa tunay na karanasan ng mga kababaihan.

Sa panayam kay Judy, isang babaeng pulis at ina ng dalawang bata, ibinahagi niya ang kanyang karanasan:

Hindi ko na minsan alam kung saan ako kukuha ng lakas. Paggising pa lang, inaasikaso ko na ang mga anak ko, tapos diretso na ako sa duty. Pag-uwi, ako pa rin ang nag-aayos sa bahay, nagluluto. Walang pahinga, pero hindi naman pwedeng hindi ako pumasok sa trabaho.

Ang sitwasyon ni Judy ay sumasalamin sa *global findings* na nagsasabing ang mga babaeng manggagawa, lalo na sa sektor ng seguridad at kalusugan, ay pinakamalapit sa *burnout* at *psychological distress* kung walang sapat na suporta mula sa pamahalaan o institusyon (Dillon et al., 2021). Ipinapayo ng mga pag-aaral na dapat magkaroon ng *targeted mental health interventions* at *access* sa *childcare support* upang mapagaan ang *load* ng kababaihan sa panahon ng krisis (Harry et al., 2022).

Sa kabuuan, malinaw sa mga datos at testimonya na ang solusyon sa mga hamon ng babaeng frontliner ay hindi lamang nakasalalay sa kanilang personal na tibay, kundi sa isang sistemikong tugon na isinasaalang-alang ang kasarian, papel sa pamilya, at emosyonal na kapasidad. Ang pagbibigay ng makataong iskedyul, *access* sa *child care*, at aktibong partisipasyon sa pagbuo ng polisiya ay ilan lamang sa mga konkretong hakbang na maaaring mapagaan ng kanilang pagganap bilang tagapaglingkod at ina.

KONKLUSYON

Ang mga babaeng frontliner ay nagsilbing pangunahing tagapagtanggol ng kalusugan at kaayusan sa gitna ng pandemya ng COVID-19. Sa kabila ng matinding panganib, emosyonal na hirap, at kakulangan sa suporta, nagpakita sila ng pambihirang tibay ng loob, propesyonalismo, at dedikasyon sa serbisyo. Ang mga karanasang ito ay naglalantad hindi lamang ng mga hamon na dinaranas ng mga frontliner, kundi pati na rin ng mga istrukturang sistemiko na patuloy na nagpapahirap sa mga manggagawang kababaihan sa sektor ng frontline work.

Ilang praktikal na ambag ng pag-aaral na ito ay makikita sa mga rekomendasyong maaaring gamitin bilang batayan sa paggawa ng mas makatarungang polisiya para sa kapakanan ng mga babaeng manggagawa. Una, kailangang bigyang-pansin ng mga institusyon ang *mental health support systems* bilang bahagi ng standard na workplace benefits, hindi lamang sa panahon ng krisis kundi bilang pangmatagalang investment sa kapakanan ng manggagawa. Pangunahing dahilan ng stress ay ang takot na mahawa ng virus at mahawa ang kanilang pamilya, kakulangan sa PPE, at matagalang duty hours—mga stressor na napatunayan sa pandaigdigang literatura (Serrano-Ripoll et al., 2020; Zhang et al., 2020).

Pangalawa, ang pagbibigay ng *makatarungang labor conditions*, kabilang na ang sapat na rest hours, tamang suplay ng *protective gear*, at *hazard pay*, ay nararapat na ituring na karapatan at hindi insentibo. Pangatlo, sa usapin ng *gender equity*, kinakailangang kilalanin at itaguyod ang mga pangangailangan ng kababaihan sa workforce, lalo na ang mga may obligasyong pangpamilya, upang mapagaan ang kanilang dual burden bilang manggagawa at tagapag-alaga ng pamilya.

Mula sa teoretikal na pananaw matapos ang pag-aaral, ipinapakita ng pananaliksik na ito ang pagsasanib ng *resilience theory* at *feminist standpoint theory* bilang lente ng pagsusuri. Ang resilience ng mga babaeng frontliner ay hindi lamang bunga ng indibidwal na lakas, kundi ng kolektibong suporta mula sa pamilya, kasamahan sa trabaho, at ilang mga institusyon. Gayundin, sa paggamit ng feminist standpoint, mas naging malinaw ang natatanging perspektibo ng mga kababaihan bilang mga tagapangalaga ng kalusugan sa gitna ng krisis—isang pananaw na madalas ay nasa laylayan ng diskurso sa paggawa at pampublikong kalusugan.

Hindi maikakaila na ang mga emosyonal na epekto, tulad ng takot, guilt, at anxiety, ay malalim ang epekto sa kabuuang well-being ng mga frontliner. Sa isang meta-analisis nina Pappa et al. (2020), tinatayang 23.2% ng healthcare workers sa panahon ng pandemya ang nakaranas ng depression, habang 38.9% ang nakaranas ng insomnia. Ngunit sa kabila nito, ipinakita ng kasalukuyang pag-aaral na may kakayahan silang bumuo ng *adaptive coping strategies* gaya ng social support, emotional regulation, at mindfulness practices, na nagsisilbing pananggalang sa patuloy na stress. Ang mga estratehiyang ito ay hindi lamang mekanismo ng pag-iwas sa burnout, kundi manipestasyon ng ahensiya ng kababaihan sa kabila ng sistemikong limitasyon.

Pinatotohanan din ng pag-aaral nina Zhang et al. (2020) na ang matagalang paggamit ng PPE at masinsinang oras ng trabaho ay nagdudulot ng matinding physical fatigue at skin injury sa mga frontline workers. Samantala, ayon sa sistematikong pagsusuri nina Serrano-Ripoll et al. (2020), malaki ang epekto ng kakulangan sa institutional support sa antas ng stress, anxiety, at depression ng mga manggagawa sa kalusugan.

Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay lumalampas sa simpleng pag-uulat ng karanasan. Ito ay panawagan para sa progresibong pagbabago sa polisiya, sistemang pangkalusugan, at mga kasanayang pamamahala. Sa pamamagitan ng pagkilala sa boses at karanasan ng mga babaeng frontliner, binibigyang-halaga ng pag-aaral na ito ang pangangailangang iangat ang antas ng pag-unawa at tugon ng lipunan sa kanilang kalagayan—hindi lamang bilang manggagawa, kundi bilang mga taong may dignidad, karapatan, at nararapat na suporta.

MGA REKOMENDASYON

Upang mapabuti pa ang kalagayan ng mga babaeng frontliner sa hinaharap, mahalaga ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. **Suporta sa Kalusugan ng Isipan at Emosyon.** Ang mga institusyon at ahensiya ng pamahalaan ay dapat magpatuloy sa pagpapalakas ng mga programa para sa mental health at emotional support ng mga babaeng frontliner. Kabilang dito ang regular na psychological counseling, mga support group, at iba pang psychosocial interventions na makatutulong upang mapanatili ang emosyonal na katatagan sa gitna ng mga hamon ng trabaho.
2. **Pagpapabuti ng Kalagayang Pisikal sa Trabaho.** Mahalagang tiyakin ang ligtas na kondisyon sa trabaho para sa mga babaeng frontliner sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na personal protective equipment (PPE), tamang pahinga, at hazard pay. Ang mga hakbang na ito ay makatutulong upang mabawasan ang pisikal na strain at maprotektahan ang kanilang kaligtasan habang ginagampanan ang kanilang tungkulin.
3. **Patuloy na Edukasyon at Pagsasanay.** Iminumungkahi ang pagpapalawak ng mga pagsasanay at edukasyon para sa mga babaeng frontliner, lalo na hinggil sa mga bagong protocols, teknolohiya, at kaligtasan. Makapagbibigay ito ng mas mataas na antas ng kumpiyansa, kaalaman, at kahandaan sa pagtugon sa mga pangangailangang medikal at pangkomunidad.
4. **Gender-Sensitive na Interbensyon at Polisiya.** Dapat tiyakin ang pagkakaroon ng gender-sensitive policies sa mga programa at tugon ng gobyerno. Kinakailangan ang pagkolekta at pagsusuri ng datos na nakabatay sa kasarian at edad upang maunawaan kung paano naiiba ang epekto ng pandemya sa kababaihan at kalalakihan. Ang mga programang ito ay dapat sumasalamin sa aktwal na karanasan at pangangailangan ng mga babaeng frontliner.
5. **Proteksyon at Suporta sa Natatanging Pangangailangan ng Kababaihan.** Iminumungkahi ang masusing pag-aaral sa mga natatanging pangangailangan ng mga babaeng frontliner, kabilang ang kanilang reproductive health, kalusugan ng isip, at seguridad. Dapat isaalang-alang ang mga buntis, nagpapasuso, at may mahinang resistensya, upang matiyak ang kanilang proteksyon sa panahon ng pandemya. Ang pagsasanay sa self-defense, mga programa sa financial assistance, at reproductive health awareness ay makatutulong upang mapalakas ang kanilang kakayahan at kapakanan.
6. **Paggamit ng Gender Lens sa Pagpapalano at Pagtugon sa Pandemya.** Sa huli, mahalagang gamitin ang gender lens sa paglikha ng mga patakaran at programa na may kaugnayan sa pandemya. Sa ganitong paraan, matitiyak na ang

natatanging pangangailangan ng kababaihan ay hindi maiiwan kundi magiging sentro ng epektibong tugon — hindi lamang sa Pilipinas kundi sa pandaigdigang antas (UN Secretary-General's Policy Brief: The Impact of COVID-19 on Women, 2021).

MGA SANGGUNIAN

- Callueng, C., Aruta, J. J. B. R., Antazo, B. G., & Briones-Diato, A. (2020). Measurement and antecedents of national resilience in Filipino adults during coronavirus crisis. *Journal of Community Psychology*, 48(8), 2608-2624. <https://doi.org/10.1002/jcop.22438>
- Camitan, D. S., IV, & Bajin, L. N. (2021). The Importance of well-being on resiliency of Filipino adults during the COVID-19 enhanced community quarantine: A necessary condition analysis. *Frontiers in Psychology*, 12. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.558930>
- Chaka, E. E., Mekuria, M., & Melesie, G. (2022). Access to essential personal safety, availability of personal protective equipment and perception of healthcare workers during the COVID-19 in public hospital in West Shoa. *Infection and Drug Resistance*, 15, 2315-2323. <https://doi.org/10.2147/idr.s344763>
- Connor, J., Madhavan, S., Mokashi, M., Amanuel, H., Johnson, N. R., Pace, L. E., & Bartz, D. (2020). Health risks and outcomes that disproportionately affect women during the COVID-19 pandemic: A review. *Social Science & Medicine*, 266, 113364. <https://doi.org/10.1016/j.socscimed.2020.113364>
- Cordero, D. A. (2023). Personal protective equipment during the COVID-19 pandemic in the Philippines: Challenges and interventions. *Annals of Work Exposures and Health*, 67(5), 673-674. <https://doi.org/10.1093/annweh/wxad019>
- Corrente, M., Park, J., Akuamoah-Boateng, H., Atanackovic, J., & Bourgeault, I. L. (2024). Work & life stress experienced by professional workers during the pandemic: A gender-based analysis. *BMC Public Health*, 24(1). <https://doi.org/10.1186/s12889-024-18677-6>
- Daba, C., Gebrehiwot, M., Asefa, L., Lemma, H., Atamo, A., Kebede, E., Embrandiri, A., & Debela, S. A. (2022). Occupational safety of janitors in Ethiopian University during COVID-19 pandemic: Results from observational study. *Frontiers in Public Health*, 10. <https://doi.org/10.3389/fpubh.2022.895977>
- De Claro, V., Bautista, N., Torralba, M. R., Castro, V. V., Lucero, M. A., Molleno, L. J., & Stan, L. (2023). Infection prevention and control in public hospitals and COVID-19 temporary treatment and monitoring facilities in the Philippines: Results of a baseline survey. *COVID*, 3(3), 336-347. <https://doi.org/10.3390/covid3030025>

- Department of Health. (2021). *Omnibus guidelines on the implementation of community quarantine in the Philippines*. <https://doh.gov.ph/COVID-19/IATF-Resolutions>
- Department of Health. (2022). *COVID-19 Tracker Philippines*.
<https://doh.gov.ph/covid19tracker>
- Dillon, E. C., Stults, C. D., Deng, S., Martinez, M., Szwedinski, N., Koenig, P., Gregg, L., Cobb, J. K., Mahler, E., Frosch, D. L., Sieur, S. L., Hanley, M., & Pertsch, S. (2021). Women, younger clinicians', and caregivers' experiences of burnout and well-being during COVID-19 in a US healthcare system. *Journal of General Internal Medicine*, 37(1), 145-153. <https://doi.org/10.1007/s11606-021-07134-4>
- Ducharme, J. (2020, March 31). 'No one mentions the people who clean it up': What it's like to clean professionally during the COVID-19 outbreak. *TIME*.
<https://time.com/5810911/covid-19-cleaners-janitors/>
- Galler Rabinowitz, L., & Galler Rabinowitz, D. (2021). Women on the frontline: A changed workforce and the fight against COVID19. *Academic Medicine*, 96(6), 808-812.
<https://doi.org/10.1097/ACM.0000000000004011>
- Gilo, E. L. C., Tuanquin, M. G. T., Bangayan, C. L. G., Arada, J. A. O., Tigar, F. L., Juano, A. J. B., Araquil, J. B., Rosales, N. R. B., & Rosete, A. A. (2024). Fear of COVID-19 among frontline nurses in a national university hospital in the Philippines: A mixed-methods study. *Acta Medica Philippina*, 58(16), 103-116.
<https://doi.org/10.47895/amp.v58i16.8416>
- Harding, S. (2004). *The feminist standpoint theory reader: Intellectual and political controversies*. Routledge.
- Harry, E. M., Carlasare, L. E., Sinsky, C. A., Brown, R. L., Goelz, E., Nankivil, N., & Linzer, M. (2022). Childcare stress, burnout, and intent to reduce hours or leave the job during the COVID-19 pandemic among US health care workers. *JAMA Network Open*, 5(7).
<https://doi.org/10.1001/jamanetworkopen.2022.21776>
- Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases. (2020). *Resolution No. 35: Guidelines on the implementation of GCQ*.
<https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2020/05may/20200511-IATF-RESOLUTION-NO-35.pdf>
- Kim, H., Hegde, S., LaFiura, C., Raghavan, M., Sun, N., Cheng, S., Rebholz, C. M., & Seidelmann, S. B. (2021). Access to personal protective equipment in exposed healthcare workers and COVID-19 illness, severity, symptoms and duration: A population-based case-control study in six countries. *BMJ Global Health*, 6(1).
<https://doi.org/10.1136/bmjgh-2020-004611>

- Kirwin, M. A., & Ettinger, A. K. (2022). Working mothers during COVID-19: A cross-sectional study on mental health status and associations with the receipt of employment benefits. *BMC Public Health*, 22(1). <https://doi.org/10.1186/s12889-021-12468-z>
- Krishnan, S. (2022). Exploring female frontline health workers' role and capacities in COVID-19 response in India. *International Journal of Disaster Risk Reduction*, 75. <https://doi.org/10.1016/j.ijdrr.2022.102962>
- Kush, J. M., Badillo-Goicoechea, E., Musci, R. J., & Stuart, E. A. (2022). Teachers' mental health during the COVID-19 pandemic. *Educational Researcher*, 51(9), 593–597. <https://doi.org/10.3102/0013189X221134281>
- Labrague, L. J., & De Los Santos, J. A. A. (2020). COVID-19 anxiety among front-line nurses: Predictive role of organisational support, personal resilience, and social support. *Journal of Nursing Management*, 28(7), 1653-1661. <https://doi.org/10.1111/jonm.13121>
- Masten, A. S. (2001). Ordinary magic: Resilience processes in development. *American Psychologist*, 56(3), 227–238. <https://doi.org/10.1037/0003-066X.56.3.227>
- Matalang, C. (2022). Stories from the frontline: Construals, anxiety level and coping strategies of essential workers during the COVID-19 pandemic. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 4(8), 1-16. <http://doi.org/10.5281/zenodo.7152766>
- Merez, A. (2020, March 17). *COVID-19 frontliners, workers walk to work as lockdown stops public transport*. ABS-CBN News. <https://www.abs-cbn.com/news/03/17/20/some-health-workers-walk-to-hospitals-as-quarantine-stops-public-transport>
- Misra, P., Mandal, S., Sharma, G., Kant, S., Rai, S., Yadav, K., Sangral, M., & Kardam, P. (2023). Effect of structured yoga program on stress and well-being among frontline healthcare workers during COVID-19 pandemic. *Cureus*. <https://doi.org/10.7759/cureus.43081>
- Morrow, S. L., Rodriguez, A., & King, N. (2015). Colaizzi's method of data analysis in phenomenological research: A step-by-step guide. *The Counseling Psychologist*, 43(4), 379-414. <https://doi.org/10.1037/a0039216>
- Morse, A. (2021). *Why is gender so important to pandemic response?* Gates Philanthropy Partners. <https://www.gatesphilanthropypartners.org/perspectives/why-is-gender-so-important-to-pandemic-response/>
- National Economic and Development Authority. (2022). *Phased implementation of the Alert Level System nationwide*. <https://neda.gov.ph/phased-implementation-of-alert-levels>

- Negarandeh, R., Shahmari, M., & Zare, L. (2024). Stigmatization experiences of healthcare workers in the context of the COVID-19 pandemic: A scoping review. *BMC Health Services Research*, 24(1). <https://doi.org/10.1186/s12913-024-11300-9>
- Neubauer, B. E., Witkop, C. T., & Varpio, L. (2019). How phenomenology can help us learn from the experiences of others. *Perspectives on Medical Education*, 8(2), 90–97. <https://doi.org/10.1007/s40037-019-0509-2>
- Noval, A. T. (2021). Ang guro bilang frontliner: Karanasan ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya. *The Normal Lights*, 15(2), 163-188
- Nowell, L. S., Norris, J. M., White, D. E., & Moules, N. J. (2017). Thematic analysis: Striving to meet the trustworthiness criteria. *International Journal of Qualitative Methods*, 16(1), 1-13. <https://doi.org/10.1177/1609406917733847>
- Pappa, S., Ntella, V., Giannakas, T., Giannakoulis, V. G., Papoutsis, E., & Katsaounou, P. (2020). Prevalence of depression, anxiety, and insomnia among healthcare workers during the COVID-19 pandemic: A systematic review and meta-analysis. *Brain, Behavior, and Immunity*, 88, 901-907. <https://doi.org/10.1016/j.bbi.2020.05.026>
- Petrova, E., Dewing, J., & Camilleri, M. (2016). Confidentiality in participatory research: Challenges and strategies. *Nursing Ethics*, 23(4), 442-454. <https://doi.org/10.1177/0969733014564909>
- Phadke, A., Kumar, S., & Pujari, S. (2024). The forgotten warriors. In *Routledge eBooks* (pp. 28-43). <https://doi.org/10.4324/9781003304517-4>
- Ramoso, M. G. D., & Cruz, R. O.-D. (2024). Adapting to the new normal: Remote teaching challenges among educators in higher education. *Eureka: Journal of Educational Research*, 2(2), 98–107. <https://doi.org/10.56773/ejerv2i2.26>
- Saragih, I. D., Tarihoran, D. E. T. A. U., Rasool, A., Saragih, I. S., Tzeng, H., & Lin, C. (2022). Global prevalence of stigmatization and violence against healthcare workers during the COVID-19 pandemic: A systematic review and meta-analysis. *Journal of Nursing Scholarship*, 54(6), 762-771. <https://doi.org/10.1111/jnu.12794>
- Serrano-Ripoll, M. J., Meneses-Echavez, J. F., Ricci-Cabello, I., Fraile-Navarro, D., Fiol-deRoque, M. A., Pastor-Moreno, G., Castro, A., Ruiz-Perez, I., Zamanillo Campos, R., & Gonçalves-Bradley, D. C. (2020). Impact of viral epidemic outbreaks on mental health of healthcare workers: A rapid systematic review and meta-analysis. *Journal of Affective Disorders*, 277, 347-357. <https://doi.org/10.1016/j.jad.2020.08.034>
- Sunio, V., Ugay C. J., Li, C. W., Liwanag, H. J., & Santos, J. (2023). Impact of public transport disruption on access to healthcare facility and well-being during the COVID-19 pandemic: A qualitative case study in Metro Manila, Philippines. *Case Studies on Transport Policy*, 11. <https://doi.org/10.1016/j.cstp.2023.100948>

- Taylor, S. J., Bogdan, R., & DeVault, M. (2015). *Introduction to qualitative research methods: A guidebook and resource* (4th ed.). Wiley. <https://doi.org/10.4324/9781315679471>
- Win Gatchalian. (2020, October 1). *Teachers' workload should be decongested to prevent burnout*. [Press release].
<https://wingatchalian.com/news/teachers-workload-should-be-decongested-to-prevent-burnout/>
- UN Women. (2020, April). *UN Secretary-General's policy brief: The impact of COVID-19 on women*. UN Women – Headquarters.
<https://www.unwomen.org/en/digital-library/publications/2020/04/policy-brief-the-impact-of-covid-19-on-women>
- World Health Organization. (2020). *Coronavirus disease (COVID-19) pandemic*.
<https://www.who.int/emergencies/diseases/novel-coronavirus-2019>
- Zhang, Y., Wang, C., Pan, W., Zheng, J., Gao, J., Huang, X., Cai, S., Zhai, Y., Latour, J. M., & Zhu, C. (2020). Stress, burnout, and coping strategies of frontline nurses during the COVID-19 epidemic in Wuhan and Shanghai, China. *Frontiers in Psychiatry*, 11.
<https://doi.org/10.3389/fpsy.2020.565520>

ABOUT THE AUTHOR

Arianne Nicole N. Fernando is a Registered Psychologist and Registered Psychometrician, currently serving as an Associate Professor at the Department of Psychology, Polytechnic University of the Philippines (PUP). She earned both her Bachelor of Science in Industrial and Organizational Psychology and Master in Psychology major in Clinical Psychology from PUP. Her professional experience encompasses teaching, research, and community-based mental health initiatives. She is also a trained Emotional Resilience Trainer and Addiction Recovery Facilitator, dedicated to promoting psychological well-being and resilience among diverse populations.

Her research interests include mental health policies, gender studies, organizational behavior, clinical and family psychology, emotional resilience, and positive psychology. She actively contributes to mental health advocacy and participated in the National Youth Congress on Mental Health (2017), which supported the passage of Republic Act No. 11036, the Philippine Mental Health Law.

Arianne is an active member of the Psychological Association of the Philippines and is committed to advancing the discipline of psychology through research, education, and mental health advocacy.